NCMH ADVISORY

Advisory No. 2021-008 | April 6, 2021

MENTAL HEALTH SERVICES DURING COVID-19 PANDEMIC

Sa kabila ng pandemyang kinakaharap ng ating bansa, ang National Center for Mental Health ay patuloy na nagbibigay serbisyo sa lahat ng indibidwal na nangangailangan ng tulong kaugnay sa kanilang kalusugang pangkaisipan. Subalit, upang maprotektahan ang humigit kumulang na 2, 670 na pasyenteng nagpapagaling sa loob ng ospital at para rin sa kaligtasan ng lahat ng kliyente at mga empleyado, magkakroon ng mga *restrictions* at iba pang mga hakbang na ipapatupad upang maiwasan ang pagkalat ng *COVID-19*.

Ang NCMH ay isang *special psychiatric hospital* na nanggagamot ng mga indibidwal na may problema sa kanilang *mental health* at hindi sapat ang kakayahan para tumugon sa mga malulubhang sakit katulad ng *COVID-19*. Sa kabila nito, nagtalaga ng 30% o 1, 260 *beds* mula sa kabuuang 4200 *bed capacity* ang ospital para sa mga *service users* o pasyenteng may karamdaman kaugnay sa *mental health* na magkakaroon ng *COVID-19*.

1. CRISIS MANAGEMENT SERVICES FOR PSYCHIATRIC EMERGENCY CASES

- Ang *Psychiatric Emergency Room* ay bukas 24 oras para sa lahat ng indibidwal na mangangailangan ng *urgent psychiatric treatment*.
- Ang mga pasyenteng kailangang ituloy ang gamutan ay ipapasok sa *Pre-Admission Unit* upang isailalim sa mga pagsusuri kabilang na ang RT PCR test. Ang mga makikitaan ng sintomas o magpopositibo sa COVID-19 ay ililipat sa nakatalagang COVID-19 isolation facility para sa kaukulang gamutan.

2. OUT-PATIENT SERVICES

- Ang *Out-Patient Services* ay kasalukuyang hindi tumatanggap ng harapang konsultasyon at limitado lamang sa online consultation para sa OPS Adult (eKonsultasyon para sa mga bagong pasyente; at *Tele-Consultation*, *ePres* o *Electronic-Prescription* at *ROM* o *Refill of Medications* para naman sa mga dating pasyente). Maaaring tumawag mula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes, liban kung *holiday*, sa mga sumusunod na numero:

  OPS Adult: Cellphone: **0977-244-0200 / 0977-244-0173 / 0977-244-0215 / 0999-396-3418**
  Landline: **8-531-9001** loc. **290 / 8-569-5743** Online link (New client): **bit.ly/ncmhkonsulta**
  Email: **ncmheconsultation@gmail.com** Facebook: **NCMH Out-Patient Section**
  OPS Child and Adolescent: Landline: **8-531-9001** loc. **293 /** Email: **ncmhchildops@gmail.com**
  WCPU: Landline: **8-531-9001** loc. **295** / Email: **wcpu@ncmh.gov.ph**
  Forensic Section: Landline: **8-531-9001** loc. **320 /** Email: **ncmhforensic@gmail.com**

3. NCMH CRISIS HOTLINE

- Ang *NCMH Crisis Hotline* ay bukas 24 oras at handang makinig at tumugon sa mga katanungan na may kaugnayan sa kalusugang pangkaisipan. Simula Enero hanggang Marso ng kasalukuyang taon, nakapagtala ang *NCMH Crisis Hotline* ng 3, 819 na tawag. Para may makusap na *Crisis Responder*, maaaring tumawag sa mga sumusunod na numero:

  Luzon-wide landline toll-free: **1553** Cellphone: **0917-899-8727 / 0966-351-4518 / 0908-639-2672**

4. MENTAL HEALTH AND PSYCHOSOCIAL SUPPORT SERVICES

- Ang MHPSS Team ay nakatalaga upang tumugon sa mga ahensiya ng gobyerno na kumakalinga sa mga *Locally Stranded Individuals*, *Returning Overseas Filipinos*, *Healthcare Workers* at iba pang mga frontliners mula sa mga pribado at pampublikong ahensiya na nangangailangan ng agarang pagsusuri patungkol sa kalusugang pangkaisipan ngayong may pandemiya. Sa kasalukuyan, nakapagtala ang MHPSS ng 414 *referrals* kung saan ang bawat isa ay nabigyan ng naaayong gamutan kabilang ang pagbibigay ng libreng gamot at patuloy na konsultasyon. Para sa karagdagang impormasyon, maaring magpadala ng mensahe sa *ncmhmhpss@gmail.com*.

5. TECHNICAL ASSISTANCE

- Ang NCMH ay nagbibigay din ng *technical assistance* sa iba't ibang pribado at pampublikong ahensiya, kumpanya, o organisasyon sa pagsasagawa ng mga *online lectures*, *fora* at *webinars* upang magbahagi ng mga kinakailangang impormasyon tungkol sa *mental health*.

NOEL V. REYES, MD, FPPA
Medical Center Chief II

NATIONAL CENTER FOR MENTAL HEALTH
9 De Pebrero St., Brgy. Mauway, Mandaluyong City / 8-531-9001 / www.ncmh.gov.ph